Ating Buhay at Ministeryong Kristiyano

WORKBOOK PARA SA PULONG

Sampol na Pakikipag-usap

UNANG PAG-UUSAP

Tanong: Ano ang nangyayari kapag namatay tayo?

Teksto: **Ec 9:5a**

Iiwang Tanong: May pag-asa pa bang mabuhay-muli ang mga namatay?

HANAPIN ANG TEKSTONG ITO SA TOOLBOX SA PAGTUTURO:

- ***bhs* 63 ¶6**

UNANG PAGDALAW-MULI

Tanong: May pag-asa pa bang mabuhay-muli ang mga namatay?

Teksto: **Job 14:14, 15**

Iiwang Tanong: Ano ang magiging kalagayan sa lupa kapag binuhay-muli ng Diyos ang mga minamahal natin?

HANAPIN ANG TEKSTONG ITO SA TOOLBOX SA PAGTUTURO:

- ***bhs* 76-77 ¶14**

IKALAWANG PAGDALAW-MULI

Tanong: Ano ang magiging kalagayan sa lupa kapag binuhay-muli ng Diyos ang mga minamahal natin?

Teksto: **Isa 32:18**

Iiwang Tanong: Ano ang gagawin ng Diyos para maging payapa ang lupa?

HANAPIN ANG TEKSTONG ITO SA TOOLBOX SA PAGTUTURO:

- ***bhs* 35 ¶18**

Nagtiwala si Jose kay Jehova habang nasa bilangguan sa Ehipto

- Awit 114 at Panalangin
- Pambungad na Komento (1 min.)

KAYAMANAN MULA SA SALITA NG DIYOS

- **"Naging Biktima ng Inggit si Jose":** (10 min.)

  Gen 37:3, 4—Napoot ang mga kapatid ni Jose sa kaniya dahil siya ang paboritong anak ng kanilang ama (*w14* 8/1 12-13)

  Gen 37:5-9, 11—Mas lalo pang nainggit ang mga kapatid niya dahil sa panaginip ni Jose (*w14* 8/1 13 ¶2-4)

  Gen 37:23, 24, 28—Dahil sa inggit, pinagmalupitan si Jose ng mga kapatid niya

- **Paghuhukay ng Espirituwal na Hiyas:** (10 min.)

  Gen 36:1—Bakit ibinigay ang pangalang Edom kay Esau? (*it*-1 635)

  Gen 37:29-32—Bakit ipinakita ng mga kapatid ni Jose kay Jacob ang damit nitong punit at may dugo? (*it*-2 610-611)

  Sa pagbabasa ng Bibliya para sa linggong ito, anong espirituwal na hiyas ang gusto mong ikomento tungkol sa Diyos na Jehova, sa ministeryo, o iba pa?

- **Pagbabasa ng Bibliya:** (4 min. o mas maikli) Gen 36:1-19 (5)

MAGING MAHUSAY SA MINISTERYO

- **Maging Mahusay sa Pagbabasa at Pagtuturo:** (10 min.) Pagtalakay. I-play ang video na *Madaling Maintindihan,* at saka talakayin ang aralin 17 ng brosyur na *Pagtuturo.*
- **Pahayag:** (5 min. o mas maikli) *w02* 10/15 30-31 —Tema: Bakit Dapat Magkaroon ng Makadiyos na Paninibugho ang mga Kristiyano? (6)

PAMUMUHAY BILANG KRISTIYANO

- Awit 126
- **"Handa Ka Ba?":** (15 min.) Pagtalakay ng isang elder. I-play ang video na *Handa Ka Ba sa Likas na Sakuna?* (kategoryang video ANG BIBLIYA). Kung may mga paalala ang tanggapang pansangay at ang lupon ng matatanda, isama ito sa pagtalakay.
- **Pag-aaral ng Kongregasyon sa Bibliya:** (30 min.) *jy* kab. 113
- Pangwakas na Komento (3 min. o mas maikli)
- Awit 84 at Panalangin

GENESIS 36-37 | Naging Biktima ng Inggit si Jose

37:3-9, 11, 23, 24, 28

Makikita sa karanasan ni Jose ang masasamang resulta ng inggit. Pagtugmain ang mga teksto at ang mga dahilan kung bakit dapat alisin ang anumang pagkainggit.

TEKSTO	DAHILAN
• 1Sa 18:8, 9	• Hindi magmamana ng Kaharian ng Diyos ang mainggitin
• Kaw 14:30	• Sinisira ng inggit ang kapayapaan at pagkakaisa ng kongregasyon
• 2Co 12:20	• Ang inggit ay puwedeng makaapekto sa ating kalusugan
• Gal 5:19-21	• Dahil sa inggit, nahihirapan tayong makita ang magagandang bagay sa iba

Anong mga sitwasyon ang puwedeng maging dahilan ng inggit?

Handa Ka Ba?

Kung tamaan ng likas na sakuna ang lugar ninyo, handa ka ba? Ang mga lindol, bagyo, sunog, at mga pagbaha ay nang-yayari nang biglaan at puwedeng maging mapaminsala. Isa pa, ang mga pag-atake ng terorista, kaguluhan, at epidemya ay puwedeng mangyari kahit saan nang walang babala. (Ec 9:11) Hindi natin dapat isiping imposible itong mangyari sa ating lugar.

Bawat isa sa atin ay dapat na gumawa ng makatuwirang paghahanda sa mga sakuna. (Kaw 22:3) Kahit nagbibigay ng tulong ang organisasyon ni Jehova sa panahon ng sakuna, pananagutan pa rin nating maging handa.—Gal 6:5, tlb.

PANOORIN ANG VIDEO NA *HANDA KA BA SA LIKAS NA SAKUNA?* PAGKATAPOS, SAGUTIN ANG SUMUSUNOD NA MGA TANONG:

Paano makakatulong ang pagkakaroon ng malapit na kaugnayan kay Jehova sa panahon ng sakuna?

_____

Bakit mahalaga na . . .

- panatilihin ang magandang komunikasyon sa mga elder bago, habang, at pagkatapos ng sakuna?

_____

- maghanda ng emergency kit?—*g17.5* 6

_____

- pag-isipan ang mga sakunang puwedeng mangyari at alamin ang gagawin sa mga sitwasyong iyon?

_____

Ano ang tatlong paraan para makatulong tayo sa mga biktima ng sakuna?

_____

GUSTO *MO* BANG MAGBOLUNTARYO?

Dumarami ang biktima ng sakuna, kaya maraming boluntaryo ang kailangan para matulungan sila. Kung gusto mong magboluntaryo, sabihin ito sa inyong mga elder.

© 2020 Christian Congregation of Jehovah's Witnesses. *Our Christian Life and Ministry—Meeting Workbook* (ISSN 2380-3487) is published by Christian Congregation of Jehovah's Witnesses; A. E. Shuster, President; Luther W. Georges, Secretary-Treasurer; 675 Red Mills Road, Wallkill, NY 12589-3292. Printed in Japan.

- Awit 33 at Panalangin
- Pambungad na Komento (1 min.)

KAYAMANAN MULA SA SALITA NG DIYOS

- **"Hindi Kailanman Iniwan ni Jehova si Jose":** (10 min.)

  Gen 39:1—Naging alipin si Jose sa Ehipto (*w14* 11/1 12 ¶4-5)

  Gen 39:12-14, 20—Inakusahan si Jose at ibinilanggo (*w14* 11/1 14-15)

  Gen 39:21-23—Hindi iniwan ni Jehova si Jose (*w14* 11/1 15 ¶2)

- **Paghuhukay ng Espirituwal na Hiyas:** (10 min.)

  Gen 38:9, 10—Bakit pinatay ni Jehova si Onan? (*it*-2 497)

  Gen 38:15-18—Paano natin uunawain ang ginawa ni Juda at ang ginawa ni Tamar? (*w04* 1/15 30 ¶4-5)

  Sa pagbabasa ng Bibliya para sa linggong ito, anong espirituwal na hiyas ang gusto mong ikomento tungkol sa Diyos na Jehova, sa ministeryo, o iba pa?

- **Pagbabasa ng Bibliya:** (4 min. o mas maikli) Gen 38:1-19 (5)

MAGING MAHUSAY SA MINISTERYO

- **Video ng Unang Pag-uusap:** (4 min.) Pagtalakay. I-play ang video. Pagkatapos, itanong sa mga tagapakinig: Ano ang ginawa ng sister para mas maintindihan ng may-bahay ang mensahe niya? (*th* aralin 17) Paano puwedeng maipakita ng mamamahayag ang isang publikasyon mula sa Toolbox sa Pagtuturo?
- **Unang Pag-uusap:** (2 min. o mas maikli) Gamitin ang sampol na pakikipag-usap. (1)
- **Unang Pag-uusap:** (3 min. o mas maikli) Magsimula gamit ang sampol na pakikipag-usap. Ipakita kung paano sasagot sa isang pagtutol na karaniwan sa inyong teritoryo. (11)
- **Unang Pag-uusap:** (3 min. o mas maikli) Magsimula gamit ang sampol na pakikipag-usap. Pagkatapos, mag-iwan ng jw.org contact card. (6)

PAMUMUHAY BILANG KRISTIYANO

- Awit 121
- **"Tularan si Jose—Tumakas Mula sa Imoralidad":** (15 min.) Pagtalakay. I-play ang video na *Tumakas Mula sa Imoralidad* (kategoryang video TIN-EDYER).
- **Pag-aaral ng Kongregasyon sa Bibliya:** (30 min.) *jy* kab. 114
- Pangwakas na Komento (3 min. o mas maikli)
- Awit 26 at Panalangin

GENESIS 38-39 | Hindi Kailanman Iniwan ni Jehova si Jose

39:1, 12-14, 20-23

Kahit maraming nararanasang pagsubok si Jose, "pinagtatagumpay ni Jehova ang lahat ng ginagawa niya" at "pinagpapala niya ito para matuwa rito ang punong opisyal ng bilangguan." (Gen 39:2, 3, 21-23) Ano ang matututuhan natin sa ulat na ito?

- Kapag may pagsubok, hindi ibig sabihing wala na ang pagsang-ayon ni Jehova sa atin.—Aw 34:19
- Dapat nating isipin ang mga pagpapala ni Jehova sa atin at maging mapagpasalamat.—Fil 4:6, 7
- Kailangan nating magtiwala na tutulungan tayo ni Jehova.—Aw 55:22

- Awit 8 at Panalangin
- Pambungad na Komento (1 min.)

KAYAMANAN MULA SA SALITA NG DIYOS

- **"Iniligtas ni Jehova si Jose":** (10 min.)

  Gen 41:9-13—Nalaman ng Paraon ang kakayahan ni Jose (*w15* 2/1 14 ¶4-5)

  Gen 41:16, 29-32—Ibinigay ni Jehova kay Jose ang ibig sabihin ng panaginip ng Paraon (*w15* 2/1 14)

  Gen 41:38-40—Naging pinuno si Jose na pumapangalawa sa Paraon (*w15* 2/1 15 ¶3)

- **Paghuhukay ng Espirituwal na Hiyas:** (10 min.)

  Gen 41:14—Bakit nag-ahit si Jose bago siya humarap sa Paraon? (*w15* 11/1 9 ¶1-3)

  Gen 41:33—Ano ang matututuhan natin sa paraan ng pakikipag-usap ni Jose sa Paraon? (*w09* 11/15 28 ¶14)

  Sa pagbabasa ng Bibliya para sa linggong ito, anong espirituwal na hiyas ang gusto mong ikomento tungkol sa Diyos na Jehova, sa ministeryo, o iba pa?

- **Pagbabasa ng Bibliya:** (4 min. o mas maikli) Gen 40:1-23 (2)

MAGING MAHUSAY SA MINISTERYO

- **Video ng Unang Pagdalaw-Muli:** (5 min.) Pagtalakay. I-play ang video. Pagkatapos, itanong sa mga tagapakinig: Paano natin nasabing naghandang magkasama ang mag-asawa para sa pagdalaw-muli? Paano ipinakita ng brother ang kahalagahan ng teksto?
- **Unang Pagdalaw-Muli:** (4 min. o mas maikli) Gamitin ang sampol na pakikipag-usap. (11)
- **Unang Pagdalaw-Muli:** (5 min. o mas maikli) Magsimula gamit ang sampol na pakikipag-usap. Pagkatapos, magalok ng publikasyon mula sa ating Toolbox sa Pagtuturo. (13)

PAMUMUHAY BILANG KRISTIYANO

- Awit 128
- **Tularan si Jose—Kapag Ginawan Ka ng Masama:** (6 min.) I-play muna ang video na *Maging Kaibigan ni Jehova—Kapag Ginawan Ka ng Masama* (kategoryang video MGA BATA). Pagkatapos, anyayahan sa stage ang ilang bata at saka itanong: Ano ang ginawa kina Caleb at Sophia? Ano sa tingin mo ang natutuhan nila sa karanasan ni Jose?
- **Lokal na Pangangailangan:** (9 min.)
- **Pag-aaral ng Kongregasyon sa Bibliya:** (30 min.) *jy* kab. 115
- Pangwakas na Komento (3 min. o mas maikli)
- Awit 124 at Panalangin

GENESIS 40-41 | Iniligtas ni Jehova si Jose

41:9-13, 16, 29-32, 38-40

Naranasan ni Jose na maging alipin at bilanggo nang mga 13 taon bago siya iniligtas ni Jehova. Imbes na maghinanakit, marami siyang natutuhan sa mga nangyari sa kaniya. (Aw 105: 17-19) Alam niyang hindi siya kailanman iniwan ni Jehova. Paano ginawa ni Jose ang pinakamabuting magagawa niya ayon sa kaniyang sitwasyon?

- Naging masipag siya at mapagkakatiwalaan kaya pinagpala ni Jehova ang mga pagsisikap niya.—Gen 39:21, 22
- Nagmalasakit siya sa iba imbes na magplano kung paano makakaganti sa mga nagmaltrato sa kaniya.—Gen 40:5-7

Paano nakatulong sa akin ang karanasan ni Jose na maharap ang mga problema ko?

Habang naghihintay akong iligtas ni Jehova sa Armagedon, ano ang pinakamabuting magagawa ko ayon sa sitwasyon ko?

- Awit 120 at Panalangin
- Pambungad na Komento (1 min.)

KAYAMANAN MULA SA SALITA NG DIYOS

- **"Nagpakita si Jose ng Matinding Pagpipigil sa Sarili":** (10 min.)

  Gen 42:5-7—Nanatiling kalmado si Jose nang makita niya ang mga kapatid niya (*w15* 5/1 13 ¶5; 14 ¶1)

  Gen 42:14-17—Sinubok ni Jose ang mga kapatid niya (*w15* 5/1 14 ¶2)

  Gen 42:21, 22—Nagsisi ang mga kapatid ni Jose (*it*-1 1250 ¶2)

- **Paghuhukay ng Espirituwal na Hiyas:** (10 min.)

  Gen 42:22, 37—Anong magagandang katangian ang ipinakita ni Ruben? (*it*-2 1028)

  Gen 43:32—Bakit kasuklam-suklam, o hindi katanggap-tanggap, sa mga Ehipsiyo ang kumain na kasama ng mga Hebreo? (*w04* 1/15 29 ¶1)

  Sa pagbabasa ng Bibliya para sa linggong ito, anong espirituwal na hiyas ang gusto mong ikomento tungkol sa Diyos na Jehova, sa ministeryo, o iba pa?

- **Pagbabasa ng Bibliya:** (4 min. o mas maikli)
  Gen 42:1-20 (2)

MAGING MAHUSAY SA MINISTERYO

- **Video ng Ikalawang Pagdalaw-Muli:** (5 min.) Pagtalakay. I-play ang video. Pagkatapos, itanong sa mga tagapakinig: Anong introduksiyon para sa teksto ang ginamit ng brother? Bakit at paano iniharap ng brother ang aklat na *Itinuturo?*
- **Ikalawang Pagdalaw-Muli:** (3 min. o mas maikli) Gamitin ang sampol na pakikipag-usap. (15)
- **Pag-aaral sa Bibliya:** (5 min. o mas maikli) *lvs* 39 ¶18 (8)

PAMUMUHAY BILANG KRISTIYANO

- Awit 94
- **"Unawain ang Binabasa Mo":** (15 min.) Pagtalakay. I-play ang video na *Pahusayin ang Iyong Pagbabasa ng Bibliya—Excerpt.* Pasiglahin ang mga tagapakinig na panoorin ang buong video (kategoryang video JW BROADCASTING).
- **Pag-aaral ng Kongregasyon sa Bibliya:** (30 min.) *jy* kab. 116
- Pangwakas na Komento (3 min. o mas maikli)
- Awit 79 at Panalangin

GENESIS 42-43 | Nagpakita si Jose ng Matinding Pagpipigil sa Sarili

42:5-7, 14-17, 21, 22

Isipin ang naramdaman ni Jose nang bigla niyang makita ang mga kapatid niya. Puwede sana siyang magpakilala agad—yakapin o gantihan sila. Pero nag-isip muna siya. Ano ang gagawin mo kung biktima ka ng pagmamaltrato ng mga kapamilya mo o ng ibang tao? Itinuturo ng halimbawa ni Jose ang pagpipigil sa sarili at pananatiling kalmado imbes na sundin ang mapandayang puso at kumilos nang padalos-dalos.

Paano mo matutularan si Jose sa mga sitwasyong napapaharap sa iyo?

Unawain ang Binabasa Mo

Kapag nagbabasa ng Bibliya, sikaping maunawaan ang lahat ng binabasa mo. Alamin ang konteksto, mga tauhan, at dahilan kung bakit sila gumawi ng ganoon. Gamitin ang iyong imahinasyon para makita ang mga tanawin, marinig ang mga ingay, maamoy ang mga halimuyak, at makuha ang damdamin ng mga tauhan.

PANOORIN ANG VIDEO NA *PAHUSAYIN ANG IYONG PAGBABASA NG BIBLIYA—EXCERPT.* PAGKATAPOS, SAGUTIN ANG SUMUSUNOD NA MGA TANONG:

- Ano ang mga dahilan ng tensiyon sa pagitan ni Jose at ng kaniyang mga kapatid?

_____

- Ano ang posibleng dahilan kung bakit kumilos nang padalos-dalos ang mga kapatid ni Jose?

_____

- Ano ang mauunawaan natin mula sa Bibliya tungkol kay Jacob na ama ni Jose?

_____

- Anong magagandang aral ang itinuro ni Jacob sa mga anak niya para ayusin ang di-pagkakaunawaan?

_____

- Paano ka nakinabang sa panonood mo ng video na ito?

_____

_____

Tularan si Jose—Tumakas Mula sa Imoralidad

Makakatulong sa atin ang halimbawa ni Jose kapag natutukso tayong gumawa ng imoralidad. Kapag inaakit siya ng asawa ng panginoon niya, tumatanggi siya. (Gen 39:7-10) Ang sagot niyang "Paano ko magagawa ang napakasamang bagay na ito at magkasala nga laban sa Diyos?" ay nag-papakitang alam niya ang pananaw ni Jehova sa katapatan ng mag-asawa sa isa't isa. At nang mas lumala ang sitwasyon, tumakas siya imbes na big-yan ng pagkakataon ang babae na pahinain ang paninindigan niya.—Gen 39:12; 1Co 6:18.

PANOORIN ANG VIDEO NA *TUMAKAS MULA SA IMORALIDAD.* PAGKATAPOS, SAGUTIN ANG SUMUSUNOD NA MGA TANONG:

- Anong sitwasyon ang napaharap kay Jin?

- Ano ang itinanong ni Jin sa kaniyang sarili nang magpatulong sa math si Mee-Kyong?

- Ano ang nadama ni Jin sa hiling ni Mee-Kyong?

- Ano ang nakatulong kay Jin?

- Ano ang ginawa ni Jin para makatakas mula sa imoralidad?

- Anong mga aral ang matututuhan natin sa video?